

# ALAS NG BAYAN

Women, Heroism, and Memory

## REMARKS OF THE ARTIST

**Alas ng Bayan launch - De La Salle University  
27 January 2020**

**John Erhard Guarin**

**Artist and Volunteer, 350 Pilipinas**

Magandang umaga po sa inyong lahat. Ako po ay nagpapasalamat sa lahat ng dumalo, sa icsc, sa constantino foundation at sa 350.org at sa mga katuwang sa pakoorganisa ng exhibit na ito. Salamat din po sa De La Salle University History Department at sa library sa pagbibigay nila ng espasyo sa exhibit na ito.

Alas ng Bayan alaala ng kabayanihan ng limang kababaihan.

Nabuo ang Alas ng Bayan dahil nais namin na makabuo ng kuwento na popular at hindi nalalayo sa ordinaryong mga tao.

Mahigit dalawang taon nadin po nung aming mapagusapan ni Sir Renato Red Constantino ang tungkol sa proyekto na ito, nag-volunteer na din ako sa 350.org bilang isang artist, nag-dedesign po ako at nagpipinta ng mga advocacy materials, kaya't hindi na nalalayo sa ginagawa ko ang proyekto. Mahalaga sakín ang proyekto na ito, hindi lang dahil sa oportunidad na maisabit ang aking mga pinta, mahalaga ito dahil kadikit nito ang aking adbokasiya tulad ng pag-alala sa mga ambag ng mga bayani sa kasaysayan na natatamasa natin sa kasalukuyan tulad ng kalayaan at soberanya na nanganganib na din makalimutan.

Nang aming mapagusapan ang proyektong ito ay inihanda ko po ang aking sarili at ilang buwan ko pong inaral at binasa.

Nag-aral ako sa Eulogio Amang Rodriguez Institute of Science and Technology or EARIST ng Bachelor of Fine Arts in Visual Communication. Doon ay natuto ako sa paggamit ng mga oil base paint na siyang ginamit ko sa mga paintings na ito. Isang malaking hamon din para sakín ang ipinta ang limang kababaihang nagtaya at lumaban para sa bayan. Lalo na ang paghugot ng mga inspirasyon at pagsasabuhay na kanilang mga aral, kaya't tinapangan ko at isinabuhay ang pagtataya gamit ang aking talento at patuloy na binuksan ang aking mga mata at pakiramdam sa ating kapaligiran.

Ipininta ko ang limang kababaihan na parang mga sakla card or tarot card sapagkat itinaya nila ang mga buhay nila laban sa mga mananakop, diktador, korporasyon, sexist at sa mga inhustisya.

Kaya't sanay maging bukas din tayo lalo na ang mga kabataan ng ating bayan at maging inspirasyon ang mga alas ng bayan

Sa paglaban sa mga kasalukuyang isyu hindi lang ng ating bayan kundi ng buong mundo tulad ng mga isyu ng sovereignty, climate change, racism at iba pa

At muli, Ako po ay lugod na nagpapasalamat ulit sa constantino foundation, icsc, 350.org and dela la salle university

Salamat din po sa pamilya nila gloria capitan at pamilya ni remedios gomez-paraiso or kumander liwayway sa pagbabahagi ng ilang istorya na naging inspirasyon ko sa pagbubuo ng mga alas ng bayan.

Maraming salamat din po sa inyong lahat.  
At mabuhay tayong lahat!